Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING ISANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 30, 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Ederlino C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapunga | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Felix John C. Templanza | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan-**O.B.** |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 22-08-461

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PASASALAMAT NG LOKAL NA PAMAHALAAN NG BULALACAO SA KAWANIHAN NG PANGISDAAN AT YAMANG TUBIG, REHIYON IV-MIMAROPA SA PAMAMAGITAN NG DIREKTOR PANGREHIYON, G. ELIZER S. SALILIG SA PAGBIBIGAY NG TULONG SA MGA MANGINGISDA AT MAGSASAKA NG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

May-Panukala:
**Sangguniang Bayan Member ELPIDIO N. CONTRERAS, JR,**
Chairperson, Committee on Climate Change and Disaster Risk Reduction and Management

Mga Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member ENRICO C. VILLAS**
Chairperson, Committee on Fisheries and Aquatic Resources

**Sangguniang Bayan Member FELIX JOHN C. TEMPLANZA**
Chairperson, Committee on Food and Agriculture

"**SAPAGKAT,** ang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ay binubuo ng walong barangay na may baybaying dagat at ang pangunahing hanapbuhay ng mga naninirahan doon ay ang pangingisda;

"**SAPAGKAT,** ang pandaigdigang pandemya dulot ng Covid-19 ay nagdulot ng malaking pagbagsak ng ekonomiya dahil kagyat na natigil ang industriya at pagnenegosyo sa bansa, marami ang nawalan ng hanapbuhay at karamihan sa nagtatrabaho sa lunsod ay umuwi ng probinsiya na ang tanging pag-asa ay mairaos sa pang-araw-araw ang pamilya mula sa pagkagutom;

CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang mga taga-Bulalacao ay hindi nakaiwas sa hirap dulot ng pandemya lalong-lalo na ang maliliit na mangingisda at magsasaka na nagsisikap makabangon ngunit naudlot ng kaunti dahil sa pagtaas ng presyo ng gasolina;

**"SAPAGKAT,** isang malaking biyaya ang ibinigay na tulong mula sa Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang Dagat, Rehiyon IV sa pamumuno ni G. Elizer S. Salilig para sa 607 na mangingisda at 20 magsasaka ng mais na tumanggap ng tig PhP3,000.00 halaga ng gasolina na kanilang magamit sa hanapbuhay at pagkikitaan para sa sarili at pamilya; **kung kaya't dahil dito…**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pasasalamat ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao sa Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang Dagat, Rehiyon IV-MIMAROPA sa pamamagitan ng Direktor Pangrehiyon, G. Elizer S. Salilig sa pagbibigay ng tulong sa mga mangingisda at magsasaka ng Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., SB Member Felix John C. Templanza at SB Member Enrico C. Villas na pinangalawahan ni SB Member Kieven E. Cantos, ang Kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY":** Agosto 30, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------x

**Kgg. EDERLINO C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. FELIX JOHN C. TEMPLANZA**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. JOEJIE R. NARCISO**
Snaggũniang Bayan Member

**Kgg. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**Kgg. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**Kgg. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**Kgg. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Sept 28, 2022

22/08/31/PLP/jpc

CamScanner